Pangalan: Arian (Rayyan) Agravante Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Kahalagahan ng Oras
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, kapag ang isang guro ay papasok sa paaralan upang magturo, inihahanda niya ang kanyang mga aralin sa pamamagitan ng paggawa ng lesson plan upang wala siyang makaligtaan sa kanyang mga ituturo. Kapag ang isang mag-aaral ay binigyan ng isang project ng kanyang guro na kailangan niyang ipasa sa takdang oras, itinutuon niya ang kanyang sarili sa project na ito bago umabot sa deadline ng pasahan. Kapag ang isang manggagawa ay binigyan ng isang mahalagang gawain ng kanyang amo, agad niya itong sinisimulan upang hindi maaksaya ang kanyang oras.

Mga alipin ng Allah, ang bawat isa sa atin ay may kinakaharap na palugit sa bawat gawain. At kapag lumipas ang palugit na ito, doon lamang natin napagtatanto ang kahalagahan ng oras, na marami sa mga tao sa kasalukuyang panahon ang nagpapabaya nito. Madalas nating marinig ang katagang "Time is gold", subalit sa Islam, ang oras ay higit na mahalaga kaysa sa ginto sapagkat ang oras ang bumubuo sa ating buhay na ang bawat minutong lumilipas ay hindi na muling maibabalik pa.

Sinabi ng Allah Subhanahu wa Ta'ala,

﴿ وَٱلۡعَصۡرِ (1) إِنَّ ٱلۡإِنسَٰنَ لَفِي خُسۡرٍ (2) إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلۡحَقِّ وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلصَّبۡرِ (3) ﴾ سورة العصر: 1-3

"Sumusumpa Ako sa panahon, katotohanan ang tao ay nasa kawalan o pagkalugi, maliban sa yaong mga naniwala at gumagawa ng mga gawaing matuwid at nagpapayuhan sa isa't isa ng katotohanan at nagpapayuhan sa isa't isa ng pagtitiis." (Surah Al-'Asr: 1-3)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang Allah Subhanahu wa Ta'ala ay sumumpa sa panahon. Ayon sa ating mga 'Ulama, ang Allah ay hindi sumusumpa maliban lamang na ito ay napakahalaga, sapagkat ang ating buhay ay umiikot sa oras. Kapag ginamit natin ito sa kabutihan ay makakamit natin ang kaluguran ng Allah ngunit kapag ginamit naman natin ito sa pagsuway sa Allah, tunay na sinayang natin ang ating mga buhay.

Ang sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), mayroong dawalang biyaya na napapababayaan ng marami sa mga tao. Ano ito mga kapatid?

نِعْمَتَانِ مَغْبُونٌ فِيهِمَا كَثِيرٌ مِنَ النَّاسِ الصِّحَّةُ وَالفَرَاغُ. (أخرجه البخاري)

"Dalawang biyaya na napapabayaan ng marami sa mga tao, ang kalusugan at ang bakanteng oras." (Inulat ni Al-Bukhari)

Sa kasalukuyang panahon mga kapatid sa pananampalatayang Islam, kapag tayo ay malusog at malakas, hindi natin naaalaala ang Allahu Subhanahu wa Ta'ala, ngunit kapag tayo ay may sakit, doon lamang natin naaalaala ang Allahu Subhanahu wa Ta'ala. At sa panahon naman ng pagkabakante ng ating oras, marami sa mga kabataan gayundin naman sa mga nakatatanda ang nagpapabaya sa paggugol ng kanilang mga oras sa paggawa ng kabutihan at pagsamba sa Allah. Sa panahon ni Yahya bin Zakariyya ('alayhis-salam) sa kanyang kabataan, sinabi sa kanya ng kanyang mga kaibigan, "Sumama ka sa amin upang tayo ay maglaro." Ngunit ang tugon niya sa kanila: "Hindi tayo nilikha para sa laro."

Mga kapatid sa Islam, anong aral ang mapupulot natin mula sa sinabing ito ni Propeta Yahya? Katotohanan mga kapatid! **Ang oras ay lubhang napakahalaga sa bawat isa sa atin, bata man o matanda.**

Sinabi ng Allah Subhanahu wa Ta'ala:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ سورة الذاريات: 56

"At hindi ko nilikha ang Jinn at ang tao maliban upang sila ay sumamba lamang sa Akin." (Surah Adh-Dhariyat: 51-56)

Tunay na ang tanging layunin ng paglikha sa atin ng Allah ay upang sambahin lamang Siya nang walang pagtatambal. Siya rin ay nagsabi:

﴿ الَّذِي خَلَقَ الْمَوْتَ وَالْحَيَاةَ لِيَبْلُوَكُمْ أَيُّكُمْ أَحْسَنُ عَمَلًا ۚ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْغَفُورُ ﴾ سورة الملك: 2

"Siya ang Allah na lumikha ng kamatayan at buhay upang kayo ay subukan kung alin sa inyo ang pinakamabuti sa gawa." (Surah Al-Mulk: 2)

Mga kapatid sa pananampatayang Islam, batay sa sinabi ng Allah, tunay na tayo ay nilikha ng Allah upang subukan kung sino sa atin ang pinakamainam sa gawa, at hindi Niya sinabing kung sino sa atin ang may pinakamarami sa gawa. Ayon sa ating mga 'Ulama, ang mabuting gawa ay maituturing na mabuti alinsunod sa dalawa: ang ***Ikhlas o sensiridad*** sa kanyang gawain na ito ay para lamang sa Allah at ang ***mutaba'ah*** o pagsunod sa pamamaraan ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam).

Sinabi ni 'Abdullah bin Mas'ud (radhiyallahu 'anhu), "Wala akong pinagsisihang bagay na higit pa sa na araw na lumipas sa akin sa paglubog nito, na kung saan nabawasan ang aking buhay subalit hindi nadagdagan ang aking mga mabubuting gawa." Isang Bedouin ang nagtanong kay Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), ''O sugo ng Allah, sino ang pinakamabuti sa mga tao? Siya ay nagsabi,

خَيْرُكُم مَنْ طَالَ عُمْرُهُ ، وَحَسُنَ عَمَلُهُ. (صحيح الترمذي)

"Ang pinakamainam sa inyo ay siya na humaba ang buhay at pinagbuti ang kanyang gawa." (Inulat ni At-Tirmidhi)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, sinabi ng ating mga ‘Ulama, na ang oras ng tao ay nasa apat na uri. Ano ito mga kapatid?

**Una,** siya ay nasa oras ng Biyaya ng Allah**. Pangalawa,** siya ay nasa oras ng Pagsubok. **Pangatlo,** siya ay nasa oras ng Pagsunod, at **Pang-apat**, siya ay nasa oras ng Pagsuway…

Kung sinuman ang nasa ni’mah o biyaya ng Allah ay dapat siyang maging mapagpasalamat. Kung sinuman ang kanyang oras ay nasa pagsuway, wala siyang ibang gagawin kundi mag-tawbah o magbalik-loob sa Allah. Kung sinuman ang kanyang oras ay nasa pagsubok, wala siyang ibang gagawin kundi mag-sabr o magtiis at tanggapin ang pagsubok na ito. At kung sinuman sa mga tao na ginugol ang kanyang oras sa pagsunod sa Allah Subhanahu wa Ta’ala, tunay na ang Allah ay sasaksi para sa kanya sa kabilang-buhay, at ipagkakaloob sa kanya ang hidayah o gabay. Ano ang gabay na ito mga kapatid? Ito ang Aklat ng Allah - ang Qur-an at ang Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

Nawa’y mapabilang tayo sa mga tao na ginugugol ang kanilang mga oras sa paggawa ng kabutihan at pagsamba lamang sa Allah Subhanahu wa Ta’ala. Ameen!

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***